Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa

# PATNUBAY SA MISA

30 Enero 2005 | Ika-4 na Linggo sa Karaniwang Panahon | Taon A

## PAMBANSANG LINGGO NG BIBLIYA

## MAPAPALAD ANG NAGSASABUHAY SA SALITA NG DIYOS!

*Sa taong ito, ang Ikaapat na Linggo sa Karaniwang Panahon ay siya ring huling Linggo ng Enero. Natural na ating ipagpasalamat sa Panginoon ang lahat ng Kanyang mga biyaya sa atin sa unang buwang ito ng 2005. Natural ding magalak tayo sa mensahe ng mga "Mapapalad" sa Mabuting Balita at ipinahihiwatig din sa Unang Pagbasa.*

*Ngayon ay Linggo ng Bibliya. Ang paksa nitong "Ang Salita ng Diyos: Sandigan ng Pagkakaisa at Pagbabago" ay napapanahong paalaala ng kahalagahan ng nakasulat na Salita ng Diyos di lamang sa buhay ng Simbahan, kundi ng lipunan din at ng bawat sumasampalataya. Ang Bibliya ay "Aklat ng Ating Buhay." Tungkulin nating malaman ito nang mahusay, isabuhay ito, at ibahagi ang kayamanan nito sa lahat. Tulutan nawang ito'y maging pangako natin ngayon at isa sa ating mga kahilingan sa pag-aalay ng Eukaristiyang ito.*




PASIMULA

### Pambungad

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Panginoon, 'yong iligtas at tipunin kaming lahat upang aming mailahad ang papuri naming wagas sa ngalan mong sadyang tanyag.**

### Pagbati

***P*** – Ang biyaya at kapayapaan ng Diyos na ating Ama at ng Panginoong Hesukristo ay sumainyong lahat!

***B*** – **At sumaiyo rin!**

### Pagsisisi

***P*** – Sa pagtitipon natin dito bilang mag-anak ng Diyos, hilingin natin ang pagpapatawad ng Panginoon upang maialay natin ang Eukaristiyang ito nang malinis ang ating mga puso. *(Manahimik sandali.)*

***P*** – Panginoong Hesus, itinuro Mo sa aming ang tunay na mahalaga sa buhay ay ang magmahal na tulad ng ginawa Mo. Panginoon, maawa ka!

***B*** – **Panginoon, maawa ka!**

***P*** – Panginoong Hesus, tinalikdan ka ng sarili mong bayan. Kristo, maawa ka!

***B*** – **Kristo, maawa ka!**

***P*** – Panginoong Hesus, ikaw ang katuparan ng matatandang propesiya. Panginoon, maawa ka!

***B*** – **Panginoon, maawa ka!**

***P*** – Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

***B*** – **Amen!**

### Papuri

***B*** – Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa

ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

### Panalanging Pambungad

***P*–** Ama naming makapangyarihan, ipagkaloob mong kami'y makasamba sa iyo nang may loobing taimtim na totoo at kami rin nawa'y magmahal sa aming kapwa tao nang may damdaming ibinubunsod ng iyong Espiritu sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B*– Amen!**

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

### Unang Pagbasa *Sof 2:3; 3:12-13*

*Ang sipi para ngayon ay tungkol sa mga "Anawim," ang mga tapat sa Panginoon at nananalig sa Kanya lamang. Ang mga taludtod na ito ay magandang pananabik sa "Mapapalad." Kung paano itong angkop sa panahon ni Sofonias, gayon din ito sa ating panahon ngayon.*

***L*–** Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Sofonias

**Hanapin ninyo ang Poon, kayong mapagpakumbaba, kayong gumaganap ng kanyang kautusan; hanapin ninyo ang katwiran at iyon ang inyong gawin, baka sakaling kayo'y patawarin at iligtas sa araw ng kanyang poot.**

**At ang iiwan ko roon ay mga taong mapagpakumbaba, na lalapit sa akin upang pasaklolo. Ang natira sa Israel ay hindi na gagawa ng kasamaan at hindi magsisinungaling ni mandaraya man. Uunlad ang kanilang buhay at magiging panatag at wala silang katatakutan.**


Ang Salita ng Diyos!


***B*– Salamat sa Diyos!**

### Salmong Tugunan *Awit 145*

***B*–*Mga aba ay mapalad, D'yos ang hari nilang lahat!***

***R. M. Velez***




*** Ang maaasahang lagi'y Panginoon, panig sa naaapi, ang Diyos na hukom, may pagkaing handa, sa nangagugutom. *B.***

*** Pinalaya niya ang mga nabihag; isinasauli, paningin ng bulag; lahat ng inapi ay itinataas, ang mga hinirang niya'y nililingap. *B.***

*** Isinasanggalang ang mga dayuhang sa lupain nila'y doon tumatahan; tumutulong siya sa balo't ulila, masamang balangkas pinipigil niya. *B.***

*** Walang hanggang Hari, ang Diyos na Poon! Nabubuhay lagi ang Diyos mo, Sion! *B.***

### Ikalawang Pagbasa *1 Cor 1:26-31*

*Ipinagpapatuloy sa Ikalawang Pagbasa ang diwa ng Unang Pagbasa at inihahanda ang sa Mabuting Balita na nakatuon sa "Mapapalad." Ang mensahe nito'y pagtupad ng Diyos sa Kanyang mga layunin sa pamamaraang tila sadyang di-sapat.*

***L*–** Pagpapahayag mula sa Unang Sulat ni Apostol San Pablo sa mga Taga-Corinto

**Mga kapatid:**

**Alalahanin ninyo ang inyong katayuan nang kayo'y tawagin ng Diyos. Iilan lamang sa inyo ang sa paningin ng sanlibutan ay marunong, makapangyarihan at maharlika.**

**Subalit pinili ng Diyos ang sa palagay ng sanlibutan ay kahangalan upang hiyain ang marurunong, at ang mahihina sa turing ng sanlibutan upang hiyain ang malalakas. Pinili niya ang mga itinuturing na hamak, walang halaga, at walang kabuluhan sa sanlibutang ito upang pawalang-halaga ang mga itinuturing na dakila ng sanlibutan. Kaya't walang maaaring magmalaki sa harapan ng Diyos. Sa kanya mula ang ating pakikipag-isa kay Kristo Hesus, na ginawang karunungan natin. Sa pamamagitan niya, tayo'y pinawalang-sala ng Diyos, pinapaging-banal at iniligtas. Kaya nga, tulad ng nasasabi sa Kasulatan, "Ang Panginoon ang dapat ipagmalaki ng may ibig magmalaki."**

Ang Salita ng Diyos!

***B*– Salamat sa Diyos!**

### Aleluya *Mt 5:12*

***B*– Aleluya! Aleluya! Magdiwang kayo't magsaya, sa langit ay liligaya, gagantimpalaan t'wina. Aleluya! Aleluya!**

### Mabuting Balita *Mt 5:1-12*

*Nabibilang ang "Mapapalad" sa mga pinakatampok sa mga panitikang banal. Ang mga kabaitan at saloobing itinatampok dito ang mga pangunahing kundisyon ng pagtuloy sa Kaharian ng Diyos. Pakinggan natin ang kanilang pagpapahayag na may lubos na paghahangad na maisabuhay natin ang kanilang dinarakilang pagpapahalaga.*

***P*–** Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo

***B*– Papuri sa iyo, Panginoon!**

**Noong panahong iyon, nang makita ni Hesus ang napakaraming tao, umahon siya sa bundok. Pagkaupo niya'y lumapit ang kanyang mga alagad, at sila'y tinuruan niya ng ganito: "Mapalad ang mga aba na wala nang inaasahan kundi ang Diyos sapagkat makakasama sila sa kanyang kaharian. Mapalad ang mga nahahapis, sapagkat aaliwin sila ng Diyos. Mapalad ang mga mapagpakumbaba, sapagkat tatamuhin nila ang ipinangako ng Diyos. Mapalad ang mga nagmimithing makatupad sa kalooban ng Diyos, sapagkat ipagkakaloob sa kanila ang kanilang minimithi. Mapalad ang mga mahabagin, sapagkat kahahabagan sila ng Diyos. Mapalad ang mga may malinis na puso, sapagkat makikita nila ang Diyos. Mapalad ang mga gumagawa ng daan sa ikapagkakasundo, sapagkat sila'y ituturing ng Diyos na mga anak niya. Mapalad ang mga pinag-uusig dahil sa kanilang pagsunod sa kalooban ng Diyos, sapagkat makakasama sila sa kanyang kaharian. Mapalad kayo kapag dahil sa aki'y inaalimura kayo ng mga tao, pinag-uusig at pinagwiwikaan ng lahat ng uri ng kasamaan na pawang kasinungalingan. Magdiwang kayo at magalak, sapagkat malaki ang inyong gantimpala sa langit."**

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

***B*– Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

### Homiliya

### Sumasampalataya

***B*–** Sumasampalataya ako sa Diyos

Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawan-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

### Panalangin ng Bayan

***P*** **–**Tinitiyak sa atin ng Panginoong Hesus na lubos ang pagkalinga ng Diyos sa mababababangloob o hinahamak, at gagantimpalaan Niya ng Kaharian ang mga nagsasabuhay sa mga pagpapahalagang itinatampok sa *"Mapapalad."* Idalangin natin ang biyayang maging tapat sa gayong mga pagpapahalaga:

***B*** **–Panginoon, dinggin mo kami!**

* Nawa ang buong Simbahan, sa pamamatnubay ng kanyang mga pinuno, ay maging maningning na halimbawa ng pagtatangi sa moral at espirituwal na pagpapahalaga sa halip ng pagkahilig sa mga kayamanang materiyal. Manalangin tayo! ***B.***

* Nawa ang mga nagdadalamhati't naghihirap alang-alang sa katarungan ay makatagpo sa mga pamayanang Kristiyano ng bukal ng lakas ng loob at kasiyahan. Manalangin tayo! ***B.***

* Nawa ang nagtataguyod ng kapayapaan sa kanilang kapaligiran kailanma'y huwag panamlayan sanhi ng kahirapan sa kanilang pagsisikap. Manalangin tayo! ***B.***

* Nawa ang mga makapangyarihan at marunong ay maging mahabagin sa mga nagdarahop upang sila ma'y makalasap ng habag ng Diyos. Manalangin tayo! ***B.***

* Nawa ang kabataan, lalo na ng ating bayan, ay magpahalaga sa kalinisan ng puso sa isip, salita, at gawa. Manalangin tayo! ***B.***

* Nawa ang mga tumutulong sa pagpapalaganap ng Salita ng Diyos ay magtamo ng kasiyahan sa pagdami ng mga taong nagpapahalaga sa Banal na Kasulatan. Manalangin tayo! ***B.***

* Tahimik nating ipagdasal ang ating sariling mga kahilingan. *(Manahimik sandali.)*

Manalangin tayo! ***B.***

***P*** **–**Panginoong Hesus, kinakatawan mo ang mga pagpapahalaga ng "Mapapalad" at ang kanilang kaganapan. Habang pinagsisikapan naming pagtibayin sa aming buhay ang ganitong mga pagpapahalaga, biyayaan mo nawa kami hanggang sapitin namin ang iyong Kaharian kung saan ka nabubuhay at naghahari magpasawalang hanggan.

***B*** **–Amen!**

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

***P*** **–** Manalangin kayo . . .

***B*** **– Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

### Panalangin ukol sa mga Alay

***P*** **–** Ama naming Lumikha, ang mga alay na ngayo'y aming inihahanda sa hapag na ito na iyong dambana ay iyong tanggapin at gawaran ng pagpapala upang mapagsaluhan namin ang kaligtasan mong ginawa sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B*** **– Amen!**

### Prepasyo II

***P*** **–** Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Lubhang nabagbag ang kanyang loob sa pagkakamali ng tao sa sansinukob, kaya't minabuti niyang siya'y ipanganak ng Birheng bukod mong pinagpala sa babaing lahat. Sa labi ng imbing kamatayan kami ay inagaw ng namatay mong Anak. Sa pagkabuhay niya, kami'y kanyang binuhay upang kaugnayan namin sa iyo'y huwag magwakas.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

***B*** **– Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!**

**Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!**

### Pagbubunyi

***B*** **–Sa krus mo at pagkabuhay kami'y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.**

PAKIKINABANG

***B*** **– Ama namin . . .**

***P*** **–** Hinihiling namin . . .

***B*** **– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

### Paanyaya sa Kapayapaan

### Paghahati-hati sa Tinapay

***B*** **– Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)**

**Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.**

### Paanyaya sa Pakikinabang

***P*** **–** Ito si Hesus, ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

***B*** **– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

### Antipona ng Pakikinabang

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Ang mukha mong maawai'y pasinagin mo sa amin. Kami ay iyong kupkupin at huwag mong siphayuin ang hiling nami't dalangin.**

**Panalangin Pagkapakinabang**

***P*** **–** Ama naming mapagmahal, kaming nagsipakinabang sa piging ng aming kinamtang kaligtasan ay humihiling na iyong bigyang-kaunlaran sa pananampalatayang wagas kailan man sa tulong ng panubos na ngayo'y iyong bigay sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B*** **– Amen!**

PAGWAWAKAS

***P*** **–** Sumainyo ang Panginoon.

***B*** **– At sumaiyo rin!**

***P*** **–** Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. *(Manahimik sandali.)* Tulutan nawa ng Diyos na kayo'y maging mahabagin at sa gayo'y maging kasangkapan ng Kanyang pagmamahal.

***B*** **– Amen!**

***P*** **–** Palakasin Niya nawa kayo sa mga oras ng pagsubok at gawin Niyang matalino sa inyong pagpapasiya.

***B*** **– Amen!**

***P*** **–** Bigyan nawa kayo ng malinis na kalooban upang makita ninyo ang Diyos sa kagandahan ng kalikasan at sa mga tao sa paligid ninyo.

***B*** **– Amen!**

***P*** **–** Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

***B*** **– Amen!**

***P*** **–** Naialay natin ang ating Eukaristiya. Humayo kayo sa kapayapaan ni Kristo!

***B*** **– Salamat sa Diyos!**

**MALAPIT NA . . .**

**Enero 31 – San Juan Bosco**
**Peb 2 – Pagdadala kay Hesus sa Templo**

## ANG "MAPAPALAD" — PAG-ASA PARA SA WALANG PAG-ASA

Karaniwan nang itinatangi ng sangkatauhan ang malalakas, ang magaganda, ang mga matagumpay. . . . Ang kaligayahan ng tao'y karaniwan ding sinusukat sa antas ng kanyang pagtatamo ng mabuting bunga o nakapupukaw ng paghanga. Gayon din naman, ang kawalan ng lakas, ganda, yaman, tagumpay, at mga tulad nito ay itinuturing na kamalasan – sanhi ng kabiguan, kahihiyan, at paghihirap. Ganito ang karaniwan sa pag-aantas ng mga pagpapahalaga sa *"kaharian ng tao."*

Nang dumating si Hesus, hinamon niya't tinanggihan ang pamantayang ito na nanghahamak sa karamihan sa kawalan ng pag-asa at kabiguan. Sa kanyang "Sermon sa Bundok," binaligtad niya ang sistema ng pagpapahalaga at pinangsalungat dito ang mga pagpapahalaga ng *"Kaharian ng Diyos,"* na ang pambungad ay ang mga itinatampok sa ***"Ang Mapapalad."***

Itinatampok sa walong pahayag na ito ang ilan sa mga kakaibang pagpapahalaga ng Kaharian na pinagtibay ni Hesus. Taglay nila'y ***pag-asa*** para sa lahat ng nalulumbay. Paanyaya sila sa lahat na tumingin sa ibayo ng malamlam na abot-tanaw ng mga kahinaan ng tao, kawalan ng katarungan, at mga trahedya ng sangkatauhan.

Nakatuon ang "Mapapalad" sa maraming kaluluwang kinabibilangan din ng mga di kaanib ng Kristiyanismo. Nakapupukaw sila sa mga mambabasa ngayon tulad ng pagkapukaw sa mga taong nakarinig sa unang pagpapahayag ni Hesus.

Gayunman, para sa ating lahat, nariyan ang ***panganib na ipagpalagay lamang natin ang mga ito.*** Maraming ulit na natin itong nabasa at narinig. Kaaya-ayang pakinggan, ngunit maaaring di tayo maaantig ng kanilang mensahe. Para nating di ito pansin sa ating buhay. Maaaring ilan sa atin ay naging ***"manhid" na sa mga itinatampok sa "Mapapalad."***

Hindi ganoon para sa mga Kristiyano ng mga unang henerasyon, ni para sa mga Santo. Para sa kanila, ang walong pahayag na ito ng ating Panginoon ay bukal ng patuloy na ***inspirasyon at hamon*** sa kanilang buhay. Para sa kanila, ang mga iyon ay kung ano ang lupa, ulan, at araw sa isang puno. Puspos ng ganitong espiritu, ang mga Santo ay nagdulot ng mga bunga ng kababaang-loob, habag, katapatan, katarungan, katatagan, at pag-asa. Anupa't para sa mga Santo ng ano mang panahon, ang "Mapapalad" ay ***ISANG ANYO NG PAMUMUHAY.***

At para sa atin, ano naman kaya ang mga ito?


MAKINIG SA . . .
***"BISPERAS SA VERITAS"***
Palatuntunang Panradyo
ng **Word & Life Publications**
at **Word Media Ministry**
SALITA NG DIYOS – SALITANG BUHAY SA BUHAY NG PAMILYA
tuwing **Sabado, 5:00 – 6:00 n.h.**
sa **Radyo Veritas, 846 KHz**



**WORD & LIFE PUBLICATIONS**

**Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., 1258 Makati, MM, Phils.**
***Postal Address:*** P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
***Tel. Nos.*** 894-5401 (Marketing/Accounting); 894-5402 (Editorial) ***Telefax:*** 894-5241
***E-mail:*** wordlife@mozcom.com • ***Website:*** www.wordandlife.faithweb.com
***Editorial Team:*** H. Lasquite, G. Ramos, A. Sampang, B. Cleofe, D. Daguio, V. David
***Translator:*** Cecilia G. Valmonte, EdD • ***Circulation Team:*** M. Caquilala, F. Lavado